

ANG BARAYTI NG WIKANG FILIPINO SA SYUDAD NG DABAW: Isang Paglalarawang Panglinggwistika ni Jessie Grace U Rubrico

1.0 Introduksyon

Ang Syudad ng Dabaw ang kapital ng Rehiyon XI sa Pilipinas, na naglakip sa mga probinsya ng Davao, Davao Sur, Davao Oriental, Surigao del Sur at South Cotabato at sa mga siyudad ng Davao at General Santos. Karamihan ng mga taga-Dabaw ay migrante galing Visayas, bagama't may mga Ilokano rin. Makikita rin dito ang mga grupong etniko tulad ng mga B'laans, Bagobos, Manobos at Tagacaolos na dating naninirahan sa paa ng Bundok Apo at nagpupunyaging panatiliing buhay ang kanilang wika at kultura hanggang ngayon.¹

Batay sa Census of Population and Housing (Census 2000) ng National Statistics Office, ang populasyon ng Dabaw ay 1,147,116.² Cebuano ang wika ng karamihan. Isa sa bawat tatlo ay Cebuano (33.32%). Ang iba ay mga Bisaya (31.69%), Dabawenyo (7.84%), Boholano (6.61%), Ilongo (3.7%) o kasapi ng ibang grupong etniko (16.01%) at mga etnikong dayuhan.³

Sa kabilang dako, nailathala naman sa pangturismong websayt, http://davao.islandsphilippines.com/davao_dialect.html, ang listahan ng iba't-ibang katutubong wika ng mga taga-syudad ng Dabaw:⁴ Cebuano, 74.56%; Tagalog, 3.86%; Hiligaynon, 3.43%; Bagoboo, Guiangao, 3.16%; Davaoeño, 1.26%; Tagacaolo, 2.38%; Bilaan, 1.67%; Ilocano, 1.01%; Waray, 0.55%; Manobo, 2.15%; Maguindanao, 1.91%; Mandaya, 2.01%; ibang wika, 2.04%; hindi tiyak, 0.01%.

Ayon naman sa pahayag ng <http://www.anytravels.com/asia/philippines/>, lahat ng mga mamayan ng Davao City ay makakapagsalita ng Cebuano. Ganunpaman, ginagamit din ng mga Davawenyo ang Ingles at Filipino. Ang wikang Ingles ang ginagamit sa mga unibersidad at mga paaralan at sa kalakalan. Ang literacy rate ng Davao City ay 98.05%, mas mataas ng 4.15% sa pambansang literacy rate na 93.9%. Pumapangalawa sa wikang Cebuano ang wikang Filipino sa gamit ng mga mamayan.⁵

¹ <http://home.online.no/~erfalch/davaodelsura.htm>

² <http://www.nscb.gov.ph/ru11/secstat/population/davaocity.htm>

³ <http://www.census.gov.ph/data/pressrelease/2002/pr02123tx.html>

⁴ Ayon sa websayt, ang datus na ito ay hango sa "Statistical Variable", Regional Quarterly Publication, National Census & Statistics Office, Davao City.

⁵ <http://www.travelph.com/resorts/davao/>

Ang wikang Filipino ay naiintidihan ng halos lahat na Filipino dahil tinuturo ito sa mga paaralang elementarya at sekondarya sa buong kapuluan. Sa kasalukuyan, ginagamit din ito sa kolehiyo bilang wikang pangturo at sa pagpapahayag alinsunod sa layuning maintelektwalays ang umuunlad na pambansang wika. Dagdag nito, Filipino ang wikang karaniwang ginagamit sa karamihan ng mga palabas at programa sa telebisyon. Kahit ang mga telenobela at mga seryeng dayuhan ay isinasalin sa wikang Filipino at napapanuod sa buong bansa.

2.0 Ang Wikang Filipino

Filipino ang wikang pambansa ng Pilipinas. Itinakda ito ng Artikulo XIV Seksyon 6 ng Konstitusyon ng 1987. Itoy nililining, at pinayayaman gamit ang ibang mga wika sa Pilipinas at iba pang mga wika.⁶

Pilipino ang pundasyon ng Filipino. Pilipino ang Tagalog na nanghiram ng maraming salita mula sa leksikon ng mga Espanyol na naging kolonayser ng Pilipinas ng mahigit tatlong siglo. Nilapatan ng mga prosesong ponohikal at morpolohikal ng Pilipino ang mga salitang hiniram nito na ngayoy napabilang na sa leksikong Pilipino. Ang Filipino ngayon ay kalimitang nanghihiram mula sa leksikon ng Ingles. Kung kaya malimit itong tinatawag na Taglish.⁷

Sa kabilang dako, marami ang nagsasabing ang Filipino ang barayti ng Tagalog sa Metro Manila ngayon na lumalaganap sa buong kapuluan sa pamamagitan ng media –radyo, telebisyon, diyaryo, mga pelikulang lokal, at sa akademya kung saan ginagamit ito bilang wikang pangturo. Kabilang dito ang dayuhang mga iskolar ng Tagalog at ang mga Pilipino mismo na matagal nang naninirahan sa labas ng bansa.⁸ Kung susundin ang daloy ng pananawng ito, ang Tagalog sa Metro Manila ang pundasyon ng Filipino dahil ito ang pinapalaganap bilang linggwa frangka sa mga lugar o mga probinsiyang iba (viz., hindi Tagalog) ang katutubong wika.

⁶ Ang isyu ng wikang pambansa ay pinag-uusapan na sa loob ng anim na dekada, o baka siyam na dekada pa. Ang mga mamamayan sa kapuluang may mahigit sa isang daang mga wika ay nangangailangan ng pangmadlang wika na magagamit nila sa pakikipagsalamuha at sa pagpapahayag sa kanilang mga saluobin bilang isang bansa. Para sa mas malawak na diskusyon tungkol nito, basahin ang naunang papel ng resertser, "The Metamorphosis of Filipino as National Language" sa www.languagelinks.org/onlinepapers/fil_met.html.

⁷ Ang blend na nabuo mula sa clip ng Tag(alog) at (Eng)lish.

⁸ Ang usaping ito ay pinagkakaguluan sa maraming forum o egroup sa internet (tulad ng <http://groups.yahoo.com/group/wika/>; <http://groups.yahoo.com/group/DILA-philippines/>; <http://www.FilipinoWriter.com>; <http://groups.google.com/group/soc.culture.filipino/>; at iba pa).

Samakatwid, kung ang Filipino ay barayti ng Tagalog, masasabing ito’y wikang Tagalog nga. Diniskas sa “*The Metamorphosis of Filipino as National Language*” (na nabanggit na sa unahan) ang pagkakaiba ng wikang Tagalog at ng nililintang na pambansang wikang Filipino. Sa nasabing papel binigay ang pahayag ng bantog na linggwistang Pilipino na si Dr. Ernesto Constantino tungkol sa pagkakaiba ng dalawa: mas maraming ponema ang Filipino⁹ at naiiba ang ortografti nito; malimit itong nanghihiram sa wikang Ingles; at iba ang gramatikal na konstruksyon nito. Alinsunod sa mga katangiang nabanggit, ipapahayag sa papel na ito na magkaiba ang dalawang wika. At tulad ng ibang wika, ang Filipino ay may mga barayti rin. Tunghayan natin ang isang barayti ng Filipino¹⁰ upang suriin ang kaibhan nito sa Tagalog.

3.0 Ang Wikang Filipino sa Syudad ng Dabaw

3.1 Introduksyon. Talakayin sa papel na ito ang Filipino sa syudad ng Dabaw. Layunin nitong mailarawan ang barayti ng Filipino na ginagamit sa malawakang Dabaw at susuriin ang pagkakaiba nito sa Tagalog batay sa morfosintaktik na kaayusan ng mga sentens o ekspresyon ng mga ispiker nito. Ang datus na nakalap ng resertser sa kanyang fildwork sa syudad ng Dabaw noong ika-8 hanggang ika-15 ng Setyembre 2005 ay dinagdagan ng mga datus hango sa mga publikasyon ng mga Davawenyo sa internet – mga kolum sa diyaryong online, mga blog at palitan ng opinyon sa iba’t-ibang egroup na gumagamit sa wikang ito.

Ang ispisipikong talakayin sa papel na ito ay ang wikang ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyong informal, kabilang na rito ang wika sa kalye, sa pamilihan, sa informal na talakayan –harapan man o sa email, sa egroup, sa blog, o sa mga kolum sa mga diyaryo tungkol sa wikang ito. Ito ang pinag-uukulan ng pansin dahil ito ang wikang nag-eevolv. Ang wikang malayang ginagamit ng mga ispiker sa walang pag-iintindi sa mga lagda ng “wastong grammar” ng wikang Filipino na itinakda ng mga otoridad ng wika sa Manila.

Napapansin na ang Filipino na ginagamit sa klasrum, sa simbahan, sa mga istasyon ng radyo at telebisyon ay halos kapareha lamang ng Fipino sa Metro Manila (FMM).¹¹

⁹ Ang 28 ponema sa Filipino: /a, b, c, d, e, f, g, h, i, j, k, l, m, n, ñ, ng, o, p, q, r, s, t, u, v, w, x, y, z/; at ang 20 ponema sa Tagalog: /a, b, k, d, e, g, h, i, l, m, n, ng, o, p, r, s, t, u, w, y/.

¹⁰ Para sa dagdag na kaalaman puntahan ang http://www.ncca.gov.ph/about_cultarts/comarticles.php?artcl_Id=209

¹¹ Naobserbahan ng resertser ang isang klase ng Sining Pangkomunikasyon sa Brokenshire College sa syudad ng Dabaw noong ika-9 ng Setyembre 2005. Pinanood din ang mga programang gumagamit ng wikang Filipino sa lokal na mga istasyon ng radyo at telebisyon, habang mga teksto ng sermon o homily sa pastor ng Tagalog Service sa Davao UCCP ang ginamit na sampol para sa pangsimbahang gamit ng Filipino. Dahil sa maikling panahon sa pag-

Marahil dahil sa *register* na hinihingi sa kani-kanilang mga sitwasyon. Halimbawa, sa klasrum ginagamit ang mga teksbuk na linimbag ayon sa pambansang kurikulum ng Filipino; sa simbahan naman, mas napag-iisipan ang mga sermon dahil sinusulat muna bago ipinamamahagi; at ang mga anawanser o brodkaster sa radyo at telebisyon ay bahagi ng mas malawak na pambansang network at karamihan sa kanila ay mahusay na ispiker ng FMM.

Tinaguriang Davaweño ng Summer Institute of Linguistics (SIL) ang wika ng Davao City. Denifayn ito bilang sintesis ng Tagalog, Cebuano at iba pang mga dayalek ng Visayan. Iba ito sa Davaweño na dayalek ng Chavacano, anila. Ang wika ay klinasifay bilang: Austronesian, Malayo-Polynesian, Meso Philippine, Central Philippine, Mansakan, Davawenyo. Ayon sa publikasyon ng SIL, ang mga Davawenyo sa sentro ay gumagamit ng 91% hanggang 97% Cebuano.¹²

Ang definisyon ng SIL ng wikang Davaweño bilang sentisis ng mga katutubong wika ng mga taga-Dabaw ay masyadong malapit sa deskripsyon ng barayti ng wikang Filipino sa Dabaw (FBD). Samakatwid, tawagin itong Filipino sa papel na ito.

3.2 Dalawang barayti ng wikang Filipino sa Dabaw (FBD). Napapansin ang dalawang barayti ng FBD. Isa nito ay ang halo o blend ng Bisaya at Tagalog. *Tagalog na Binisaya* ang tawag ni Rene Lizada nito sa kanyang kolum, *Papa's Table*, sa Sunstar Davao noong ika-19 ng Enero 2005 (Pangalawang Yugto).¹³ Sa informal na mga huntahan tinatawag din itong Bis(ayang) (Taga)log o BISLOG, at kung minsan Tag(aglog) Bis(aya) o TAGBIS.¹⁴ Halatang-halata na ang wikang ito, sa pananaw ng mga ispiker nito, ay halo o blend ng Tagalog at Bisaya.

Tunghayan ang mga sentens sa (1a-c) na hango sa "Tagalog na Binasaya" at ang (1d-e) na hango sa "Galenga Talaga Niya Gyud, Uy!"¹⁵ (Talagang ang Galing Niya!) Ang mga salitang italisado ay ang mga pormang hindi tumutugma sa Tagalog (TAG).

1a) Dahil wala akong magawa ay *naglibang libang* ako.

1b) Wag lang yung dagat na *magtabok* kami dahil takot akong sumakay ng bangka para

oobserba, masasabing hindi konklusiv ang deskripsyon sa gamit ng wikang Filipino sa mga larangang ito.

¹² Gordon, Raymond G., Jr. (ed.), 2005. *Ethnologue: Languages of the World*, Fifteenth edition. Dallas, Tex.: SIL International. Online version:

http://www.ethnologue.com/show_language.asp?code=daw.

¹³ <http://www.sunstar.com.ph/static/dav/2005/01/19/life/lizada.tagalog.na.binasaya.html>

¹⁴ Hango sa posting sa: bisayabloggers.blogspot.com/2005_04_01_bisayabloggers_archive.html

¹⁵ <http://thespoke.net/blogs/yeoj/archive/2006/01/12/931047.aspx>

tumabok.

1c) Inisip naming na mas mabuti kung *muhawa* na lang mi *kay kusog lagi* ang ulan!

1d) *Anohin man* natin yan?

1e) *Gisabi* kasi ni Helen na mag-absent si Bernerd bukas

Ang (1f) naman ang dayalog ng resertser (A) at ng isang empleyado sa istasyon ng Shell (B) sa Ulas, syudad ng Dabaw:

1f) A: Saan ang Marco Polo Hotel?

B: Medyo layolayo pa.

A: Saan kami dadaan?

B: Ulas tayo. Bankerohan man ito.

Kung dito ka *magdaan*, trafik man gud ngayon.

Pero mas *ideal* dito.

Ang isa pang uri ng FBD ay mas malapit sa FMM. Ito ang halo ng Ingles at Filipino. Tingnan ang mga eksampol sa (2a)¹⁶ at (2b)¹⁷ at mga text na hango sa bilbord sa (2c, d at e). Ang mga salitang italisado ang mga salitang hiram sa Ingles.

2a) *Nagpapakaserious* sa *work and* naglilibang sa *net* kung bakit pa kasi ako *nainlove*.

2b) Bro, *dont do that...* naglilibang si pareng bobby alvarez eh.. Pagbigyan natin.

2c) *Let's go* na po, sa paborito nato!

2d) *Dad, I love it here, BUYNA, NOWNA!*

2e) *MAGRECYCLE* NA

Mapapansin na bagama't nilalapan ang mga salitang Ingles batay sa mga lagda ng katutubong wika, hinihiram pa rin ang orihinal na ispelang ng mga ito. Makikita ang malinaw na *code-switching*¹⁸ sa barayting ito, FMM man o FBD. Dahil malaki ang pagkakahawig ng barayting ito ng FBD sa FMM, hindi na ito tatalakayin pa sa papel na ito.

¹⁶ Hango sa www.tristancafe.com/forum/46

¹⁷ Mula sa

mannypacquiao.ph/forum/viewtopic.php?t=12132&sid=996b764ed88d5d35bfd3c495f4a7cb63.

¹⁸ Ang karaniwang ginagawa ng mga ispiker na marunong ng dalawang wika –sa kasong ito, Bisaya at Tagalog. Sa prosesong ito'y malayang pinagsasama ng ispiker ang mga salita o prase ng dalawang wika sa isang klos.

3.3 Ang Tagalog na Bisaya (na tinatawag ring BISLOG o TAGBIS). Balikan natin ang ilang klos sa (1) at (2) at ang iilang klos sa "Galenga Talaga Niya Gyud, Uy! na binigay bilang (3a) hanggang (3p) sa ibaba:

3a) Wag lang yung dagat na *magtabok* kami dahil takot akong sumakay ng bangka para tumabok.

3b) Inisip naming na mas mabuti kung *muhawa* na lang mi *kay kusog lagi* ang ulan!

3c) Hindi ako *makatu-o* sa ginawa niya!

Pansinin natin ang halo ng mga salita sa loob ng klos: sa (3a), ang verb sa Bisaya¹⁹ *magtabok* at tumabok (rutword: *tabok*, TAG. tawid); sa (3b), isa pang verb sa Bisaya (VB) *muhawa* (rutword: *hawa*, TAG. alis) at ang freys *kay kusog lagi* (TAG. *kasi talagang malakas*) at ang personal pronoun *mi* (clip ng *kami* na ginagamit rin sa TAG sa kabuuang anyo nito); at sa (3c) makita ang bisayang verb *makatuo* (TAG. makapaniwala). Sa mga klos na ito, mapapansin na sa pangkalahatan, mas kukunti ang mga salitang Bisaya kay sa Tagalog. Masasabing *code-switching* ito. Ganunpaman, dapat unawain na bagama't alam ng ispiker ang katumbas sa Tagalog ng mga salitang Bisaya na ginagamit niya, malamang pipiliin pa rin ng ispiker ang salitang mas madali o mas natural para sa kanya (viz., Bisaya).

Isa pang kapansin-pansin na katangian ng FBD ay ang pagsingit ng mga bisayang partikel sa klos. Tingnan ang mga klos sa (3d) hanggang (3f):

3d) Mabait *bitaw gyud* si Weng

TAG: Totoong mabait talaga si Weng.

3e) Huwag *lagi ba!*

TAG: Sinabi nang huwag!

3f) Galenga talaga niya *gyud, uy!*

Tag: Ang galing-galing niya talaga!

Maliban sa mga partikel, pansinin ang dalawang morpema ng *galenga* sa (3f), *galeng* at *-a*. Karaniwang inaaafiks ang morpemang *-a* sa mga adhetibo sa Bisaya. Dagdag na mga

¹⁹ Saklaw sa terminolohiyang Bisaya ang wikang Cebuano na ginagamit sa Kabisayaan at Kamindanawan. Bagamat tinataguriang Cebuano ang wikang Bisaya sa syudad ng Dabaw ng mga linggwista at ibang kolumnista, gagamitin sa papel na ito ang katutubong panuring sa wikang ito. Para sa taga-Mindanao, ang Cebuano ay wika ng mga taga-Cebu at ang wika nila ay Bisaya. Ganunpaman, hindi saklaw sa terminolohiyang ito ang ibang wika na nakapaloob sa pamilyang Bisaya batay sa klasifikasyon ng mga linggwista –tulad ng Hiligaynon, Waray, Aklanon, at iba pa.

eksampol: *dakoa* (ang laki), *gamaya* (ang liit o ang konti), *sapiana o datao* (ang yaman), at iba pa.

Makikita naman sa FBD ang pag-aafiks ng mga salitang patanong upang maging verb ang mga ito. Karaniwan itong ginagawa sa morpolohiya ng wikang Bisaya. Tingnan ang mga eksampol sa ibaba:

3g) *Anohin man* natin yan?

TAG: Anong gagawin natin niyan?

3h) *Na-ano* ka diyan, Bryan?

TAG: Anong nangyari sa iyo diyan, Bryan?

Ginawang verb ang *ano* sa (3g at h) sa pamamagitan ng pag-afiks ng *-(h)in* at *na-*. Ginagawa ito sa Bisaya. *Unsa* ang katumbas ng *ano* sa Bisaya. Samakatwid, ang *anohin* ay *unsaon* sa Bisaya at ang *naano* ay *naunsa*.

Ang pag-afiks ng mga bisayang verbal afiks sa mga rutword ng Tagalog batay sa mga lagda ng morfosintaks ng wikang Bisaya ang mahalagang katangiang nagbubukod sa FBD sa TAG. Tunghayan ang iba pang eksampol sa ibaba.

3i) Hindi pa man siya *nagdating*, uy.

3j) Ayaw kasi nilang *mag-lapit* sa akin eh di ayaw ko na ring *maglapit* sa kanila.²⁰

3k) Kung gusto mong *mag-misyon* at *mag-ibanghelyo* . . .

3l) Dahil wala akong magawa ay *naglibang libang* ako.

Malinaw na sa TAG, ang verbal afiks *-um* ang ginagamit sa halip ng *mag-* sa FBD sa (3i) at (3j). At hindi rin *mag-* ang verbal afiks na ginagamit ng TAG sa pagpapahayag ng klos sa (3k). Tingnan ang (3l). Ang verbal afiks *nag-* sa *libanglibang* mula sa salitang ugat *libang* ay hindi ginagamit sa ganitong anyo sa TAG. *Naglilibang*, ngunit hindi *naglibanglibang*. Ang pag-afiks ng mga verbal afiks sa mga rutword na may kompletong reduplikasyon ay pinapayagan sa Bisaya. Dagdag na mga halimbawa: *i-sakaysakay* (TAG. rutword *sakay*), *palitpalit-an* (TAG rutword *bili*), *gakosgakos-on* (TAG rutword *yakap*), *modagandagan* (TAG rutword, *takbo*).

²⁰ Hango ang (3j at k) sa "Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba", homily ni Pastor Roderick Raut sa kongregasyong Tagalog sa Davao City UCCP sa kanilang sambang pang-anibersaryo noong Mayo 2004.

Tingnan naman ang (3m) kung saan nilapian ng bisayang verbal afiks *gi-* ang TAG *sabi*. At ang (3n) kung saan ang *maka-* ay ginamit batay sa morfosintaks ng bisaya. Masdan ang salin ng (3n) sa Bisaya (BIS).

3m) *Gisabi* kasi ni Helen na mag-absent si Bernerd bukas.

TAG: Sinabi kasi ni Helen na aabsent si Bernerd bukas.

3n) *Maka-inis* man yan siya, uy!

TAG: Nakakainis siya talaga!

BIS: *Makalagot* man na siya uy!

At isa pang kapansin-pansin na inobasyon sa FBD ay ang anyo ng personal pronawn na pinakita sa (3o) at (3p) kung saan ang TAG pronawn *ko* ay naging *nakin* sa FBD.

3o) Alam man *nakin* `yan ba!

TAG: Alam ko na man yan.

3p) Saan *nakin* kita nakita gani?

TAG: Saan ko nga ba ikaw nakita?

`Saan nga ba kita nakita?'

4. Mga katangian ng TAGBIS barayti ng FBD: Paano ito naiiba sa Tagalog?

4.1 Ang paghahalo ng mga salitang Bisaya at Filipino sa loob ng isang klos. At ang pagsingit ng mga bisayang partikel sa klos: *bitaw gyud, lagi ba, gyud, uy!* Masasabing *code-switching* ito, ang proseso sa paggamit ng wika na nakagawian na ng maraming ispiker ng Filipino.²¹

Ang paghahalo ng iilang salitang bisaya sa FBD ay isang hakbang tungo sa pagpapayabong sa pambansang wika. Ngunit tulad ng mga sinasabi ng mga linggwista at ng mga Filipino sa iba't-ibang dako ng mundo na nagpupumilit na ang Filipino ay barayti ng Tagalog, ang paggamit ng Tagalog ng mga salitang hiram (mula sa wikang dayuhan o sa ibang mga wika sa Pilipinas) ay hindi nangangahulogang magkaibang wika ang Filipino at Tagalog. Samakatwid ang Tagalog ay nanghihiram lamang ng mga salita galing sa iba't-ibang wika, ngunit Tagalog pa rin ito. Sa pagsaalang-alang ng opinyong ito, hindi gagamitin ang *code-switching* bilang batayan ng pagkakaiba ng Tagalog at ng barayti ng Filipino sa Dabaw (FBD).

Bagkus, ipapakita ang pagkakaiba ng FBD sa Tagalog sa pamamagitan ng mga katangiang morfosintaktik nito. Sa pangkalahatan, masasabing ang morfosintaks ng FBD ay sumusunod sa morfosintaks ng wikang Bisaya.

4.2 Ang paggamit ng mga lagda ng morfosintaks ng wikang Bisaya sa afiksasyon ng mga morpema na nakapaloob sa mga klos na Tagalog.

Unang ipinakita ang pag-afiks ng *-a* sa mga adhetibo upang ipapahayag ang superlatibong kaanyuhan nito. Ipinakita ito sa *galenga* sa (3f), kung saan ang adhitibong *galing* ay nilapian ng *-a*. Hindi ito tanggap sa wikang Tagalog (4a). Sa halip na *-a*, ginagamit ng Tagalog ang panakdang *ang* (4b).

4a) *Galenga ni Kulasa!

4b) Ang galing ni Kulasa!

Tulad nang nasabi na sa unahan, ang paggamit ng mga bisayang verbal afiks sa mga rutword ng Filipino batay sa mga lagda ng morfosintaks ng wikang Bisaya ang mahalagang katangiang nagbubukod sa FBD sa Tagalog. Halos lahat na mga salita sa Bisaya ay maaaring gawing verb kung kakabitan ang mga ito ng verbal afiks. Ipinakita ang pag-aafiks sa pananong *Ano* upang maging verb ito (3g at 3h). Hindi ito makikita sa Tagalog, bagama't ginagamit na rin ito ng ibang ispiker ng FMM. At ang paggamit ng mga verbal afiks na *mag-* o *nag-* sa halip na *-um* o iba pang afiks sa TAG (3i hanggang

²¹ Sa FMM, mga salita o prase ng Ingles at Tagalog ang naghahalo sa klos.

3j), ng *gi-* sa halip na TAG *-in-* (3m), at ang paggamit ng iba pang afiks ng wikang Bisaya sa pagbubuo ng verb sa FBD ang nagpapatibay sa kaibhan ng FBD sa Tagalog.

4.3 Ang inobasyon sa FBD pronawn. Ipinakita ang paggamit sa pronawn *nakin*, TAG *ko* (3o at p) sa FBD. Hindi pa matiyak ng resertser kung aling TAG pronawn pa ang nagbago ng anyo sa FBD. Sa isang halimbawa sa itaas (3b), makikita rin ang *naming*. Hindi pa gaano naipapahayag ang inobasyon na ito sa mga talakayan sa mga egroup o sa mga nasulat na artikulo sa internet. Kailangan pa ang dagdag na pag-aaral upang matiyak ang takbo ng inobasyong ito sa FBD.

Malamang na may mga katangian pa ang FBD na hindi nabanggit sa maikling papel na ito. Ganunpaman, panimulang pag-aaral pa lamang ito sa barayting TAGBIS ng Filipino sa Dabaw. Inaasahan na sa hindi maglaon ay mailarawan ang wikang ito sa mas komprehensibong paraan ng mga iskolar ng wikang Filipino at sa ganun lalong mapatibay sa pamamagitan ng aktwal na paggamit ng wika ang pagkakaiba ng Filipino at Tagalog.

5. Konklusyon

Nailarawan sa papel na ito ang isang barayti ng Filipino sa syudad ng Dabaw, ang tinatawag ng mga taga-Dabaw na TAGBIS. Makikita sa TAGBIS barayti ng FBD ang halo ng mga salitang Tagalog at Bisaya. Mas marami ang salitang Tagalog sa loob ng klos. Ngunit masasabi bang salitang Tagalog talaga ang mga rutword ng Tagalog na linalapian ng mga afiks ng wikang Bisaya alinsunod sa mga lagda ng morfosintaks nito? O kaya, matatawag bang Bisaya ang klos na nabuo sa pamamagitan ng mga lagda ng wikang Bisaya at nag-anyong Tagalog na? Hindi tanggap sa gramatika ng wikang Tagalog ang morfosintaks ng FBD. Hindi rin aangkinin ng mga katutubong ispiker ng wikang Tagalog ang TAGBIS bilang Tagalog dahil taliwas ito sa mga lagda ng grammar na itinakda at umiiral sa kanilang wika. Kaya hindi ito Tagalog! Ito ay Filipino.

Sa isang talumpati sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa syudad ng Dabaw, sinabi ng dating Presidente ng UP, Francisco Nemenzo, na "ang buod ng tunay na wikang Filipino ay ang Filipino na ginagamit sa Davao at hindi ang Tagalog ni Balagtas ng Bulacan." Hinimok niya ang UP-Mindanao sa pagtataguyod sa ideyang ito. Naniniwala si Nemenzo na ang tunay na wikang pambansa hindi dapat ibatay sa bilang ng mga taong nagsasalita nito. Aniya ang tunay na wikang pambansa ay dapat patuloy na mamukadkad at lumalago, tulad nang wikang Filipino sa Davao."²²

²² Isinalin ng resertser ang bahaging ito mula sa artikulong *Davao dialect backed as RP national language* <http://www.manilatimes.net/national/2005/jan/23/yehey/metro/20050123met1.html>

Mga Sanggunian:

Constantino, Ernesto A. 1996. "Mga Linggwistik na Ilusyon sa Pilipinas." Sa Constantino at Atienza (eds.). *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: UP Press. pp.179-186.

_____, Rogelio Sicat and Pamela Cruz. 1974. *Pilipino o Filipino?* Manila: Rex Bookstore.

Constantino, Pamela C. and Monico M. Atienza (eds.) 1996. *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: UP Press. pp. 133-156.

Paz, Consuelo J. Ang Wikang Filipino Atin Ito. 1995. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman. Unibersidad ng Pilipinas

Raut, Roderick. "Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba", isang homily para sa kongregasyong Tagalog sa Davao City UCCP sa kanilang sambang pang-anibersaryo noong Mayo 2004.

Mga Sanggunian Mula sa Internet:

BELVEZ, PAZ M. Varieties Of Filipino. Nabasa noong ika-23 ng Novembre 2005 mula sa websayt ng National Commission for Culture and the Arts at:
http://www.ncca.gov.ph/about_cultarts/comarticles.php?artcl_Id=209

Bisaya Bloggers, ato ni Bai`! Nakuha noong ika-27 ng Decembre 2005 mula sa websayt
bisayabloggers.blogspot.com/2005_04_01_bisayabloggers_archive.html

City Population & Average Annual Growth Rates Davao City, Various Census Dates. Nakuha noong ika-27 ng Decembre 2005 mula sa opisyal na websayt ng Syudad ng Dabaw sa : http://www.davaocity.gov.ph/gen_info/demographics.php

CONSTANTINO, Pamela C. Tagalog/Pilipino/Filipino: Do they differ? 2000. Isinalin mula sa Wikang Filipino ni Antonio Senga, Filipino Language Studies coordinator, NT University, Darwin, Northern Territory, Australia. Nabasa noong ika-23 ng Agosto 2004 mula sa websayt ng e.manila sa:
http://emanila.com/pilipino/various/index.php?subaction=showfull&id=1101608694&archive=&start_from=&ucat=4&

Davao CITY - General Information. Nakuha noong ika-25 ng Enero 2005 mula sa websayt <http://www.travelph.com/resorts/davao/>

Davao City: Population Expected To Double in 24 Years (Results from the 2000 Census of Population and Housing, NSO) *Number: 2002-123. Date Released: September 3, 2002.* Nakuha noong ika-27 ng Decembre 2005 mula sa websayt ng *National Statistics Office* sa:
<http://www.census.gov.ph/data/pressrelease/2002/pr02123tx.html>

Davao dialect backed as RP national language. Nakuha noong ika-23 ng Septiembre 2005 mula sa websayt ng pahayagang *The Manila Times* sa:
<http://www.manilatimes.net/national/2005/jan/23/yehey/metro/20050123met1.html>

GALENGA TALAGA NIYA GYUD, UY! Nakuha noong ika-31 ng Enero 2006 mula sa websayt ng *The Spoke* sa:
<http://thespoke.net/blogs/yeoj/archive/2006/01/12/931047.aspx>

Gordon, Raymond G., Jr. (ed.), 2005. *Ethnologue: Languages of the World, Fifteenth edition.* Dallas, Tex.: SIL International. Online version:
http://www.ethnologue.com/show_language.asp?code=daw.

Gugol, Ma. Victoria. *Orthography (Evolution).* Nabasa noong ika-23 ng Agosto 2004 mula sa websayt ng National Commission for Culture and the arts sa:
http://www.ncca.gov.ph/about_cultarts/comarticles.php?artcl_Id=218

Lizada, Rene. *Tagalog na Binasaya (Part Two).* Nakuha noong ika-27 ng Decembre 2005 mula sa websayt ng SunStar Davao sa:
<http://www.sunstar.com.ph/static/dav/2005/01/19/life/lizada.tagalog.na.binasaya.html>

Manny Pacquiao The Destroyer. Nakuha noong ika-31 ng Enero 2006 mula sa websayt ng *forum.philboxing.com* sa:
mannypacquiao.ph/forum/viewtopic.php?t=12132&sid=996b764ed88d5d35bfd3c495f4a7cb63.

Rubrico, Jessie Grace. *The Metamorphosis of Filipino as National Language*". Nakuha noong ika-23 ng Novembre 2005 mula sa websayt ng awtor sa:
www.languagelinks.org/onlinepapers/fil_met.html

Total Population by Barangay Davao City, Region XI as of 1 May 2000. Nakuha noong ika-27 ng Decembre mula sa websayt ng National Statistical Coordination Board, Regional Unit XI (Davao Region) sa:
<http://www.nscb.gov.ph/ru11/secstat/population/davaocity.htm>

TristanCafe Forums: WALA LANG GUSTO KO LANG MAGKWENTO. Nabasa noong ika-7
ng Enero 2007 sa websayt ng www.tristancafe.com/forum/46

Jessie Grace U Rubrico
Ika-10 ng Pebrero 2006